

# PATNUBAY SA MISA

29 Hulyo 2018

Ika-17 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

## LINGGO NG MISYONG PILIPINO

# MGA TANDA AT KASANGKAPAN NG KABAITAN NG DIYOS

*N*gayon ay Linggo ng Misyong Pilipino – araw para gunitain ang ating mga kapatid sa mga misyon sa ibang bansa. Sa pagtugon sa tawag ng Diyos, iniwan nila ang ating bayan at ang kani-kanilang pamilya upang ihatid ang Ebanghelyo sa maraming bansa kung saan di pa laganap ang Kristiyanismo, o kung saan nangangailangan pa ng tulong ng mga bagong mangangaral ang lokal na Simbahan.

Tungkulin nating alalahanin nang may paghanga, tapat na pagmamahal, at praktikal na pakikipagkaisa ang lahat ng ating mga misyonero – mga pari, madre, mga relihiyoso, at mga boluntaryong laiko. Sila ang inaasahang maging pinakamahusay na larawan ng kung ano nga ang Simbahan. Ipagdasal natin sila at maging mapagbigay sa kanila, pagkat ang buting maidudulot nila ay ayon sa pagiging bukas-palad natin sa kanila.



### PASIMULA



#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa banal niyang tahanan lumalagi ang Maykapal, at kapisan n'ya ang tanan. Tanging s'ya ang magbibigay ng lakas sa sambayanan.**

#### Pagbati

**P** –Pagpalain si Hesus, ang misyonero ng Ama. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

**B** –At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, pagnilayan natin ang ating pagiging di karapat-dapat. *(Manahimik saglit.)*

**P** –Pangoong Hesus, malugod mong tinanggap ang alay ng batang nagbigay sa iyo ng lahat ng kanyang pagkain. Pangi-

noon, kaawaan mo kami!

**B** –Pangoon, kaawaan mo kami!

**P** –Pangoong Hesus, ginamit mo ang kabaitan ng batang iyon upang pakainin ang libu-libong tao. Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Pangoong Hesus, patuloy mong pinakakain ang mundo sa pamamagitan ng pagsisikap ng ating mga misyonero. Pangoon, kaawaan mo kami!

**B** –Pangoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** –Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Pangoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Pangoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Pangoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Pangoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalangin Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, nililingap mo ang mga walang inaasahan kundi ikaw. Hindi maidarangal at hindi magiging banal ang sinumang sa iyo'y napapawalay. Dagdagan mo ang iyong kagandahang-loob sa amin upang sa iyong pamumuno at pangangasiwang magi-

liw mapakinabangan namin ang mga biyaya mo sa lupa bilang pagkakamit na namin sa makalangit mong pagpapala sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

**PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa 2 Ha 4:42-44**

*Dahil sa kabaitan ni Eliseo at matibay niyang pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na gumawa ng mga himala, napakain niya ang mga sandaang tao. Ibinabadya nito ang isa pang lalong dakilang himala ni Hesus nang pakainin niya ang mga 5,000 tao ng limang tinapay at dalawang isda lamang.*

**L–** Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ng mga Hari

Noong panahong iyon, isang lalaking taga-Baal-salisa ang lumapit kay Eliseo. May dala siyang bagong aning trigo at dalawampung tinapay na yari sa unang ani niya ng sebada. Sinabi ni Eliseo, “Ihain ninyo iyan sa mga tao.” Sumagot ang kanyang katulong, “Hindi ito magkakasya sa sandaang tao.” Iniutos niya uli, “Ihain ninyo iyan sa mga tao sapagkat sinabi ng Panginoon: Mabubusog sila at may matitira pa.” At inihain nga iyon. Kumain ang lahat at nabusog, ngunit marami pang natira, tulad ng sinabi ng Panginoon.


Ang Salita ng Diyos!

**B – Salamat sa Diyos!**


**Salmong Tugunan Awit 144**

**B – Pinakakain mong tunay kaming lahat, O Maykapal!**

*R. M. Velez*



Pi-na-ka- ka-in mong tunay ka-



ming la-hat, O Mayka-pal!

\* Magpupuring lahat sa iyo, O Poon, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka’t pasasalamatan. Babanggitin nilang

tunay na dakila ang ‘yong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila’t makapangyarihan. **B.**

\* Tanging Panginoon ang inaasahan ng tanang nabubuhay, siyang nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan. Binibigyan sila nang sapat na sapat, hindi nagkukulang; anupa’t ang lahat ay may tinatanggap na ikabubuhay. **B.**

\* Matuwid ang Diyos sa lahat ng bagay niyang ginagawa; kahit ano’ng gawin ay kalakip doon ang habag at awa. Siya’y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao, sa sinumang taong pagtawag sa kanya’y tapat at totoo. **B.**

**Ikalawang Pagbasa Ef 4:1-6**

*Bilang mga disipulo ng Panginoon, nagkakaisa tayo sa pagpaparaya’t pagmamahal natin sa isa’t isa. Gayon ang hamon ni Pablo sa mga mananampalataya ng Efeso at sa ating nabubuhay sa isang lipunang tinatampukan ng inggitan at siraan.*

**L–** Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid:

Ako na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay namamanhik sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos. Kayo’y maging mapagpakumbaba, mabait, at matiyaga. Magmahalan kayo at magpaumahanin. Pagsumakitan ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng buklod ng kapayapaan.

Iisa lamang ang katawan at iisa rin ang Espiritu; gayon din naman, iisa lamang ang pag-asa ninyong lahat, dulot ng pagkatawag sa inyo ng Diyos. May isa lamang Panginoon, isang pananampalataya, at isang pagbibinyag, isang Diyos at Ama nating lahat. Siya’y higit sa lahat, gumagawa sa lahat, at sumasalihat.

Ang Salita ng Diyos!

**B – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

**Lu 7:16**

**B – Aleluya! Aleluya!**

Narito at dumating na, isang dakilang propeta, sugo ng D’yos sa bayan n’ya.

**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita Jn 6:1-15**

*Ang mahimalang pagpapakain sa napakaraming tao*

*ng iilan lamang tinapay at dalawang isda ay higit na dihamak sa himalang ginawa ng propetang si Eliseo sa kanyang panahon. Ibinabadya rin nito ang lalong dakilang himala ng Eukaristiya sa pamamagitan ng patuloy na pagpapakain sa mga mananampalataya ng maraming henerasyon.*

**P –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B –** Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, tumawid si Hesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, na tinatawag ding Lawa ng Tiberias. Sinundan siya ng napakaraming tao sapagkat nakita nila ang mga kababalaghang ginawa niya sa pagpapagaling sa mga maysakit. Umahon si Hesus sa burol kasama ang kanyang mga alagad at naupoon. Malapit na noon ang Pista ng Paskuwa ng mga Judio.

Tumanaw si Hesus, at nakita niyang dumarating ang napakaraming tao. Tinanong niya si Felipe, “Saan tayo bibili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?” Sinabi niya ito para subukin si Felipe, sapagkat alam ni Hesus ang kanyang gagawin. Sumagot si Felipe, “Kahit na po halagang dalawandaang denaryong tinapay ang bilhin ay di sasapat para makakain nang tigkakaunti ang mga tao.”

Sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, si Andres na kapatid ni Simon Pedro, “Mayroon po ritong isang batang lalaki na may dalang limang tinapay na sebada at dalawang isda. Ngunit gaano na ito sa ganyang karaming tao?”

“Paupuin ninyo sila,” wika ni Hesus. Madamo sa lugar na yaon. Umupo ang lahat – humigit-kumulang sa limanlibo ang mga lalaki. Kinuha ni Hesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi sa mga tao; gayon din ang ginawa niya sa isda. Binigyan ang lahat hangga’t gusto nila. At nang makakain na sila, sinabi niya sa mga alagad, “Tipunin ninyo ang lumabis para hindi masayang.” Gayon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang bakol.

Nang makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Hesus, sinabi nila, “Tunay na ito ang Propetang paririto sa sanlibutan!” Nahalata ni Hesus na lalapit ang mga tao at pilit siyang kukunin upang gawing hari,

**kaya muli siyang umalis na mag-isa patungo sa kaburulan.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B**– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P** – Ginaganyak tayo ng pagdiriwang ng Linggo ng Misyong Pilipino at ng mga pagbasa ngayon upang ibahagi natin sa ating kapwa ang mga biyayang kaloob sa atin ng Panginoon. Hilingin natin sa Panginoong buksan ang ating mga puso sa mga pangangailangan ng ating kapwa. Manalangin tayo:

**B** – Panginoong Hesus, dinggin mo ang aming panalangin!

\* Nawa maging laging nakatuon ang Simbahan sa mga pangangailangan ng mahihirap at magsikap na mapabuti ang kanilang kalagayan. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa gamitin ng mga Katolikong mayayaman ang kanilang kakayahan at impluwensiya alang-alang sa pagkakaisa ng mga

dukha’t kapus-palad. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat ng mga misyonero: pari, madre, relihiyoso, at boluntaryong laiko ay maging kapani-paniwalang patotoo sa Ebanghelyo sa kani-kanilang pinaglilingkuran. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat ng ating mga misyonerong may sakit o pinanghihinaan ng loob ay makatagpo ng kailangan nilang lakas at kasiyahan sa biyaya ng Diyos at ating pakikipagkaisa. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa makatulong ang lahat ng Katolikong Pilipino sa pangangaral sa mundo sa pamamagitan ng kanilang dasal, mabuting halimbawa, at masiglang pagtulong sa lahat ng misyonero. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

**P** – Panginoong Hesus, pagpalain mo ang mga misyonero nang makita nila ang bunga ng kanilang pagsisikap. Patugunin mo kami sa mga pangangailangan ng aming mga kapatid, at gawin mo kaming mga kasangkapan ng iyong mapagpalang pagmamahal sa kanila. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman. **B – Amen!**



**P** – Manalangin kayo . . .

**B** – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P** – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay na sa iyo rin nagmula at ngayo’y aming inihahanda sa iyong dambana upang sa aming ginaganap na pagdiriwang ang iyong

paglingap ay magtaguyod sa tanan at magpabanal sa aming pamumuhay sa kasalukuyan at mag-akay sa amin sa ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

#### Prepasyo III

**P** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Sa iyong kagandahang-loob kami’y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya’t ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B – Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

#### Pagbubunyi

**B** – Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B** – Ama namin . . .

**P** – Hinihiling namin . . .

**B** – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

#### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B** – Kordero ng Diyos . . .

**TALASALITAAN:** • **Ang Propeta:** “Ang propetang tulad ni Moises” na ipinangako ng dakilang pinuno mismo. Ito’y itinuring ng iba na katawagan ng Mesiyas.

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.  
**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Huwag mong kalilimutan ang dulot n'yang kabutihan ngayon sa pakikinabang.**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**– Ama naming mapagmahal, pinagsaluhan namin sa banal na pakikinabang ang alaalang walang kupas ng iyong Anak na nag-alay ng sarili niyang buhay para sa aming kaligtasan. Ipagkaloob mong ito ay magdulot ng pag-unlad sa ipinamana niya sa aming pagliligtas bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

### PAGWAWAKAS



**P**– Sumaiyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.  
(Manahimik saglit.)

Itulot nawa ng Diyos na kayo'y maging mapagbigay sa mga nangangailangan at gantimpalaan kayo sa inyong kabaitan.

**B**– Amen!

**P**– Tibayan nawa Niya ang inyong pananalig upang kayo'y magsikap sa mabubuting gawa.

**B**– Amen!

**P**– Gabayan nawa Niya kayo tungo sa Kanya at turuan kayong manunton sa kawanggawa at kapayapaan.

**B**– Amen!

**P**– Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang inyong kapwa, tulad ng ginawa ni Hesus.

**B**– Salamat sa Diyos!



## Ang Munting Handog na Nagpakain sa Marami

Ang dami ng taong sumusunod kay Hesus dahil sa mga “tandang” kanyang ipinakikita (*sangguniin Jn 6:2*) ay maaari nang maging malaking problema pagsapit ng oras ng pagkain dahil sa walang pagkain o pambili. Ang mungkahi ng Labindalawang pauwiin na ang mga tao (*sangguniin Mt 14:15*) ay hindi kahanga-hanga, bagamat – sa gayong kalagayan – ay maaaring maging makatuwiran.

Gayunman, iba ang plano ni Hesus. Iba ang tingin niya sa sitwasyon. Di nagtagal, ipinamahagi na ng mga disipulo ang pagkaing ikinamangha't ikinagalak ng lahat.

Isa sa mga nakatulong sa gayong himala ay ang kabaitan ng batang naghandog ng limang tinapay at dalawang isdang baon niya sa araw na iyon. Tiyak, hindi kailangan ni Hesus ang tulong. Gayunman, *tinanggap niya ang hamak na handog* at dito sinimulan ang isang pambihirang himala. Gayon na lang ang naging kahalagahan ng limang tinapay at dalawang isdang ibinahagi ng bata.

Ang sangkatauhan ay paminsan-minsang nahaharap sa tagsalat at taggutom. Sa ngayon, umaabot na sa halos tatlong bilyon ang bilang ng nagugutom. Sa gayong kalaking bilang, di makakasapat ang mga nakalaang plano at ngayo'y nangangailangan ng agarang solusyon. Ang sanhi ng ganitong trahedya ay hindi kasalatan ng pagkukunan, kundi kakapusan ng karunungan at kabutihan. *Hindi ito gaanong problema ng produksiyon, na tulad ng pagiging problema ng pamamahagi at pagkakaisa.* Higit sa pagiging problema ng “pagpaparami,” ito'y problema ng “paghahati” – *problema ng pamamahagi.* Sa katunayan, kulang tayo rito! Napakaraming nakaririrwasang bansa ang namimigay ng mga katiting na mumo lamang, sa halip ng mga buong tinapay.

Ang kailangan ng daigdig ngayon ay alalahaning *ang mga bunga ng mga pagpapala ng Diyos ay para sa lahat.* Tayong mga Kristiyano ay may natatanging pananagutan sa pagpapalaala sa ganitong katotohanan, at lalung-lalo na sa pagsasagawa nito. Ituring natin ang ating mga sarili bilang mga inapo ng di-makasaring batang ito na naghandog ng kanyang baon kay Hesus.

Hinahamon tayong tumulad sa kanya. Kung magkakagayon, mangyayari ang mga himala kahit saan, araw-araw. Ang buhay ng tao ay tuwinang magiging himala ng pangkapatirang kabaitan, at nasa sentro si Hesus, na walang hanggang nagpaparami sa mga dakilang kayamanan ng mga kaloobang bukas sa pamamahagi.



**WORD & LIFE PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua